

European Union, kasama ang kaugnay at kalapit bansa

Belgium	Universite catholique de Louvain
Finland	Finnish Institute of Occupational Health
France	University of Paris – Sorbonne (FERURBAT)
Germany	EVAPLAN
Netherlands	HealthNet International
Norway	Sweco Groner
U.K.	University of Greenwich
U.K.	Univeristy of Northumbria
U.S.A.	United Nations Office for the Coordination of Humanitarian Affairs

Timog at Timog-Silangan Asia

India	Jadavpur University
India	Voluntary Health Association India
India	University of Delhi
Indonesia	University of Indonesia
Philippines	Citizens' Disaster Response Center
Philippines	Xavier University
Vietnam	Hanoi School of Public Health

Translated(Filipino) by:
Maria Teresa Sharon C. Linog, MD
Tedd D. Feliciano, MD
Candy T. Cahilog – 3rd year Med student



Centre for Research on the Epidemiology of Disasters (CRED)

School of Public Health,
Université catholique de Louvain
30-94, Clos Chapelle-aux-Champs
1200 Brussels, Belgium
Phone: +32 2 764 33 27
Fax: +32 2 764 34 41
Internet: www.microdis-eu.be
E-mail: contact@microdis-eu.be

MICRODIS

Integrated Health Social
and Economic Impacts
of Extreme Events:
Evidence, Methods
and Tools



and
Université
catholique de
Louvain

BAKIT LUMIKHA NG MICRODIS?

Ang pinsalang dulot ng mga sakuna ay patuloy na lumalala kasama ang matinding kapinsalaan sa kaligtasan, dignidad, kabuhayan ng bawat tao at mga komunidad lalo na sa mga maralita sa maunlad at umuunlad na mga bansa. Ang panganib ng sakuna ay umuusbong kung ang mga ito ay pinalalala ng mga kahinaan sa pisikal, pulitikal, ekonomiya at kapaligiran. Sa nakaraang dalawang dekada, mahigit sa 200 milyong tao ang apektado ng mga sakuna bawat taon.

Ang mga maling pamamaraang nakakasira sa kapaligiran, ang pandaigdigang pagbago ng kalikasan at klima, mabilis na paglaki ng populasyon, urbanisasyon, kawalang-katarungan sa lipunan, lumulubhang kahirapan, mga sigalot, at ang labis na diin sa mga panandalian o pansamantala na tunguhing pang-ekonomiya – lahat ng ito ay nagluluwal ng mga komunidad na dumaranas at patuloy na humaharap ng mga pinsala dulot ng mga sakuna. Ito ay nagpapahiwatig ng pangangailangan ng agarang pagtugon sa hinaharap ng mga pangmatagalang panganib dulot ng pagbabago ng klima, at mahigit pa sa pagkasira ng kapaligiran o ang masamang pangangasiwa o pamamalakad sa mga likas na yaman.

Sa kasalukuyan, pandaigdigan nang kinikilala na ang mga pagpupunyagi upang maibsan ang mga panganib na dulot ng sakuna ay kailangang isasalooob sa mga polisiya, plano at programang naglalayuning mabawasan ang kahirapan at tungo sa kaunlarang sapat. Inilalagay ng proyektong MICRODIS ang posisyon nito sa naturang balangkas.

Ang MICRODIS ay isang pinagtutulungang proyekto sa ilalim ng EU Sixth Framework Programme – Thematic Priority 6.3 Global Change and Ecosystems (Contract number GOCE-CT-2007-036877).

ANO ANG MGA LAYUNIN AT TUNGUHIN NG MICRODIS?

Ang proyektong MICRODIS ay may pangkalahatang tunguhin na patatagin ang mga pamamaraan/stratehiya pag-iwas, pagpigil, at pagiging handa upang maibsan ang epekto dulot ng mga labis na pangyayaring ito sa kalusugan, ekonomiya, at kabuhayan ng lipunan.

PANGKALAHATANG LAYUNIN

- patatagin ang siyentipiko at empirikal na batayan ukol sa pagkakaugnay ng mga sakuna at ang mga epekto nito sa kalusugan, lipunan at ekonomiya
- paglikha at pagsama ng mga konsepto, pamamaraan, mga kasangkapan, at mga datos tungo sa pagbuo ng pandaigdigang pamantayan
- paunlarin ang kakahayan ng Asya at Europa na makaagapay sa gitna ng mga sakuna sa pamamagitan ng mga pagsasanay at pagbabahagi ng mga kaalaman.

Halimbawa, ang proyektong MICRODIS, kasama ng iba pa, ay nilalayan ang sumusunod:

- pagbubuo ng pamantayang pamamaraan sa epekto/kalalabasan ng mga sakuna
- pagsasagawa ng mga pag-aaral at pananaliksik na nakabatay sa mapapanaligang ebidensya gamit ang survey
- pagpapalawak ng saklaw na kawastuan at resolusyon sa pandaigdigang datos ng mga sakuna

SAAN MAMAHALA ANG MICRODIS?

Dalawang rehiyon ang saklaw ng MICRODIS:

1. Ang European Union, kasama ang mga kaugnay at kalapit bansang: Belgium, France, Finland, Germany, the Netherlands, Norway, ang United Kingdom at ang Estados Unidos.

2. Ang Timog at Timog-Silangan Asya: India, Indonesia, Pilipinas at Vietnam.

Ang mga rehiyong ito ay napili batay sa taas ng bilang at lubha ng epekto ng mga sakuna sa mga apektadong komunidad.

ANU-ANO ANG MALULUBHANG PANGYAYARI (SAKUNANG) SASAKLAWIN NG MICRODIS?

May labindalawang (12) malalaking grupo at dalampu't tatlong (23) maliliit na grupo ng mga uri ng sakuna, magmula sa mga mabagal, unti-unti at matagal na pamiminsala hanggang sa mabilis at biglaang uri ng sakuna. Dahil magkakaiba ang kalikasan ng mga ito, magkakaiba rin ang pinsala, epekto at implikasyon sa kalusugan, ekonomiya at lipunan. Kaya ang pagtugon sa pamamagitan ng pagbuo ng alituntuning panlahat o sasaklaw sa lahat ng uri ng sakuna ay maaring komopromiso at magpasawalang bisa sa kalidad at kaangkupan ng proyektong ito.

Sa Asya at Europa, ang **baha, lindol**, at **bagyo** ang bumubuo sa halos 75% ng mga nangyayaring malubhang sakuna. Sa tatlong ito itutuon ang pansin ng **MICRODIS**.

ANO ANG PRODUKTO NG MICRODIS?

Kabilang sa produkto ang sumusunod:

- mga kinalabasan ng mga malubhang sakuna na nakabatay sa ebidensya, mga pamamaraan, at gamit sa pagtatatala ng mga datos
- mga batayang modelo ukol sa kinalabasan ng sakuna
- pinag-isang pagsusuri ng kahinaan (sa sakuna).

Pagtibayin din ng proyektong MICRODIS ang pamantayan sa paglikom ng mga datos ng mga malubhang sakuna at ang mga epekto/kinalabasan nito sa lokal, rehiyonal at pandaigdigang antas.